ISA PA WITH FEELINGS (TRANSCRIPTION)

John Tawasil: Hello guys welcome to special episode of Third World Cinema Club. All of our episodes are special. (Laughs). I'm John Tawasil from Present Confusion.

Princess Kinoc: I'm Princess Kinoc of FilmPolice Reviews

DJ Ramones: I'm DJ Ramones of reversedelay.net

JT: And for today's episode, we have two very special guests with us. Yes! Please introduce yourselves.

Prime Cruz: Hi, I'm Prime Cruz.

Jen Chuaunsu: I'm Jen Chuaunsu.

JT: So, we have the writer and director of "Isa Pa With Feelings". Now, on it's second week in cinemas.

DR: Yehey!

PC: Yehey!

JT: (Laughs)

JT: Where did you get the concept for "Isa Pa With Feelings"?

PC: So, nasa Trinoma kami ni Jen. Tapos, manonood dapat kami ng movie. May nakasabay kami sa pila parang mga Deaf… a group of Deaf… mga teenagers na Deaf. Tapos, nag-sign language sila sa isa't isa. Tapos, tinanong ko kay Jen. Ano kaya ang pinag-uusapan nila? Tapos, noong nakalapit na sila. Tiningnan lang namin tapos nahulaan ko. Nag-decide sila kung ano panonoorin nila. After noon, na-amaze lang kami na meron silang sariling language, isang grupo sila, isang barkada sila. Tapos, naisip namin na paano kaya ang buhay nila? Na meron silang community… Malamang meron silang community na sila sila ang magkakaibigan… Sila sila ang magkakasama. Tapos, nagpa-pitch ang Black Sheep ng mga concepts. Sabi ko kay Jen, pitch tayong tatlo. Meron kaming nakabangko na dalawa. Pitch pa tayong isa para tatlo. Para magic number. Noong time na 'yon, naalala ko ang nakita namin sa Trinoma na mga Deaf… group of Deaf people. Sinabi ko na gawa tayo ng parang classic bad boy and good girl na rom com trope. Gawin natin yung isa Deaf tapos yung isang player na boy. Original concept talaga niyan was player na lalaki at isang Deaf na girl. Iyon ang na-approve nila. Tapos, noong nag-research na kami. Doon ko nakilala kung paano ang Deaf. Nag-iba na. Hindi na siya concept na lagyan lang na bagong bali. Unang interview kasi namin sa isang Deaf na teacher. Nakita namin. Grabe pala ang pinagdadaanan. (Jen is off mic). Naiba… Parang lumalim for me… Naging "Isa Pa With Feelings" siya.

JT: Naka-ilang drafts kayo before coming to the final form ng pelikula.

JC: 11 siguro.

JT: 11 drafts…

JC: Kasi originally yun nga dapat girl ang Deaf tapos guy ang hearing. Naka-ilang drafts na ganoon. Tpaos, sa Black Sheep sila Kris. Sabi nila parang Do you think it's better kung switch ang gender? If it's the guy ang deaf and girl ang hearing. Parang mas kinakapitan ang girl characters. For this one, it's a bit of a

challenge kasi hindi siya nagsasalita. It might be harder to understand her. So, we tried that permutation. So, isang round of drafts na naman ‘yon. Deaf boy… Hearing girl…

DR: Out of curiousity, napanood nyo ‘yong “Dinig Sana Kita”? Cinemalaya 2009 Audience Choice siya na yung lead character deaf din.

JT: Deaf din.

DR: And ‘yong actor na nag-play noong character is well partly Deaf.

JT: Partly deaf.

DR: Sa pagkakaalam ko…

PC: (Off mic) si Rome Mallari.

DR: Yes… Yes… Rome Mallari.

JC: I kind of know about it pero hindi ko siya napanood. I tried to get a copy sa Video 48 pero hindi ako nakahanap.

PC: Ako rin… Alam ko nag-eexist siya.

DR: Ahh…

PC: Napanood ko ang isang film ni direk ‘yong “Tulad ng Dati”.

JT: Tulad ng Dati…

PC: Pero hindi ko napanood (Dinig Sana Kita), namiss ko iyon eh. Pero alam kung merong ganoong movie.

DR: Pero Interesting kasi nag come up yung ibang elements ng story. Halimbawa, yung thing about vibrations. Parang key part ng story ng Dinig Sana Kita. Parang nag-construct siya ng studio niya tapos puro wood. Tapos, nagtanong si girl bakit puro wood? Para pwede niya maramdaman ang vibrations sa music ganoon

PK: Interested ako sa part na ‘yon. When you wrote the story, nag-research ba kayo sa community ng hearing? And may nag-suggest ba noon? Can you describe the development ng story to those elements.

JC: Sa interviews namin sa deaf, ang napansin naming na common is madalas nilang sabihin “we can”… “I can do it”… I can do what everyone else can do except hear. So, gusto naming i-develop ang character na meron siyang goal na parang meron siyang gusto patunayan. We toyed with the idea at first na gusto niya kumanta. We also toyed with the idea na gusto niyang sumayaw. Mas nag-lash on kami sa sumayaw tapos nag-research kami. Kasi nakita naming na merong deaf dancers paano nila nagagawa? They use vibrations then count nila ang steps… count nila ang beat. Kailangan nila tandaan ang beat. Tapos nag-interview rin kami ng deaf choreographer at isang deaf dancer. Natanong namin about their experience na nakikipagsabayan siya with other hearing people. Gusto niyang makasabay… Gusto niyang i-prove na kaya niyang sumabay. ‘Yon, I guess, ang naging ingredient kay Gali as a character… he wants to prove that he can.

PK: Nagalingan ako doon. Kasi may napanood akong series sa Netflix 'yong "Music Explained". As in 'yong parrot nag-beat sumasabay sa beat… Ang galing… Wow, Interesting! Deaf siya (Gali) tapos ang binigay nyo pa na talent sa kanya ay sasayaw. Paano kaya nila na-research? 'Yon nga about vibrations pala. Sa akin, hindi siya rom com level… Deeper siya. More intellectual… how the brain works… walang music pero may vibrations…

JT: 'Yon din ang na-appreciate ko sa film. May dagdag siyang level… 'Yong plot is boy loves girl… girl loves boy… Andaming patong sa plot na nagustuhan ko…

DR: Si Prime ay defensive noong nilapitan ko sa QCinema… Sabi simple lang 'to… Mainstream lang 'to.. Hindi eh…

JT: Hindi eh… may dagdag siya eh… Sabi nga ni Princess, dance plays a very important role. I felt for me ang basa ko sa film… It's about communication… Whether through language or thru something else. There are two people trying to bridge that gap… trying to communicate with each other… Kaya noong una, sa start ng pelikula, 'yong character ni Maine ay hindi pa naiintindihan ang sign language. Reflected sa subtitles… Blangko… Tapos noong nagkakaintindihan na sila… It fills out… Ang galing ng pagpasok ng dance sa narrative. Dance in itself is a form of expression. Gaya sa recently na pinanood natin sa QCinema, sa subsequent episode, And Then We Danced di ba?

JC: Oo.

JT: Minor spoiler alert. May isang dance doon na the main character expressed his sexuality…

JC: Oo.

JT: without saying a word just thru dance.

JC: Ang ganda ganda ng dance na 'yon.

JT: Ang ganda ng scene na 'yon. Na you can say a lot without saying anything… I think na-reflect din doon sa pelikula nyo. It's a very core concept in a lot of romantic movie… 'Yong pagkakaintindihan sa isa't isa. You addressed it in a lot of levels na it can resonate with anyone kahit na hindi sila deaf or kahit deaf sila. Also, 'yong naririnig ko with most of reactions to this film. It generates empathy.

DR: Kindness…

JT: Oo di ba? This is a story of people trying to wear the shoes of other people. Kaya nagustuhan ko ang pelikula.

JC: Really?

DR: 'Yon ang mga keyword na lumalabas sa mga reviews ng pelikula… Empathy… Kindness…

PK: Share with us…

DR: About yourselves…

PK: How did you guys know na gusto ko magsulat… Gusto ko mag-direk… Brief history of yourselves… Si Prime muna…

PC: Actually, noong college ako, ang plan talaga ng dad ko for me ay maging lawyer. Kaya ako nag-take ng Communications… parang pre-law siya.  Para after grad, mag-law ako. Kaso noong nasa school ako, napasali ako sa org… "Loyola Film Circle". Noong sumali ako sa org na yon, nagtuloy-tuloy na. Okay to ah. Hindi ko na sinabi sa erpat ko na ang kinukuha ko… kasi ang nakalagay kasi sa card namin ay COMM 126… COMM 114… Yon pala ang mga yon ay cinematography, directing, editing ganoon pala ang mga classes na tine-take ko. Akala niya all this time nag-law pa rin ako. After noon, pagka-graduate, mag-law ka na sabi niya. Sabi ko, mag-work muna ako. Nag-work muna ako. Hanggang sa nag-work ako sa TV, medyo matagal. Matagal ako nag-work sa TV. Tapos, sumali ako ng workshop ni direk Jun (Lana). Kasali din si Jen doon. 'Yong natapos niyang script doon sinali sa QCinema. Naging "Sleepless"… Ayun na…

JC: Ako naman. Medyo nag-stumble into writing lang ako. Mahilig ako magsulat… mga journals… mga short stories… Tapos noong working na ako, soon after graduation, nag-attend ako ng funeral. Nakasalubong namin ang high school batchmate namin. Namatay daw ang dad. Punta kami funeral. May isa kaming batchmate. Sabi niya may opening sa Star Cinema… naghahanap sila ng Concept Development Group members… Sabi ko ano iyon. Wala akong idea kung ano 'yon. Sabi niya o basta Sali ka. O sige. Try ko lang. Nag-send ako ng resume. Kahit hindi ko alam kung ano ang work. Kasi parang… Star Cinema… film kasi interesting… Nagulat ako natanggap ako. Nagulat ako na may retainer. Sabi ko talaga may retainer… gagawin ko ito for free… parang ang fun nito… Nag-CDG ako…  'Yon na ang start. Nag-meet rin kami ni Prime sa Star Cinema… Later batch siya… Nag-meet kami… CDG kami… 'Yong "Sleepless" concept 'yon noong nasa CDG ako. Tapos, matagal ko na siyang dine-develop. Hindi ko siya mabuo. Hanggang noong workshop ni direk Jun, nag-come full circle siya doon. Nagawa ang film.

DR: Naalala ko. Nabasa ko sa Twitter from way back. One of your favorite films, Prime, is The Iron Giant. Aside from that, ano pa ang mga pelikulang nagmulat sa'yo na gusto mong gumawa ng pelikula.

PC: Siguro, ang pinaka nag-change sa akin kasi galing ako sa all boys high school. Medyo wala akong alam pagdating sa mga girls.

JT: Laughs

PC: Summer break may napanoood akong movie "Crazy/Beautiful". Yon ang first experience ko na pwede pala ang romantic love. Hindi ko naiintindihan. Parang ang ganda noong napanood ko siya. After noon nakalimutan ko na siya. Pagdating ng college, isang film na napakaimportante sa akin. 'Yong English class ko kasi 7:30 am tapos overcut na ako. Sabi ng prof ko i-drop niya ako from the class. Kelangan ko gumawa ng extra work kundi i-drop niya na ako. Ni-require niya ako manood ng movie at saka gumawa ng reaction paper. Pinapanood niya sa aking movie ay "Eternal Sunshine of the Spotless Mind." Noong pinanood ko 'yon, sobrang ganda. Tapos, gumawa ako ng reaction paper. After noon, parang okay manood ng mga movies. Saka late na ako nag-start manood talaga ng movies. College na. Before hindi talaga ako palanood. 'Yon "Eternal Sunshine of the Spotless Mind", "Lost in Translation", Mga pelikula ni Wong Kar Wai… "Chungking Express", "In the Mood for Love", Original "Blade Runner"… Top of my mind mga gusto kong films.

JC: Ever since mahilig akong manood ng movies, growing up noong 90's…tapos  madalas may mag-brown out. Parang gabi-gabi… Dahil mainit, brown-out… Punta kami sa mall, manonood ng sine. I didn't mind na brown-out kasi at least nakakanood ng sine. Mahilig talaga ako sa rom coms like Meg Ryan rom coms. Love ko 'yon… "When Harry met Sally", "You've Got Mail"… For me, tumatak rin ang "Before" trilogy kasi nagalingan ako na halos walang nangyayari halos walang plot. Napakanipis yet ang

interesting nya. Hindi ka mabobore. Ang lalim niya kahit simple ng plot. Sobra akong nabilib doon. Saka, "Once"naman kasi napaka-authentic kahit non-actors pero ramdam mo na totoong tao sila. 'Yon ang aspirational movies for me 'yong "Once" at "Before" trilogy.

DR: "Once" ito 'yong Irish musical no?

JC and PK: Oo.

JT: Doon tayo sa two lead actors ng "Isa Pa With Feelings". Paano na-decide na sila Carlo Aquino at Maine Mendoza ang artista?

PK: Sabihin natin na hindi pre-empt na gamitin sila…

JT: Sila ba talaga ang peg 'nyo for the two leads?

PC: Pagdating sa studio films unlike indies, malaki talaga ang say ng studio kung sino ang gaganap pero sympre pag ayaw ng director ang casting… Ang nag-suggest ng casting ay si …

JC: Si Kukay…

PC: 'Yong Creative Producer saka Associate Creative Producer… 'Yong co-writer din…

JC: Si Kukay... Si Katherine Labayen… ang co-writer.

PC: Tapos si Kris (Gazmen) suggested Carlo. Tapos noong sinabi nila ang casting na yon… nasa brainstorm kami noon. Noong sinabi nila 'yon, okay naman ako. Okay naman ako kay Carlo. Hindi ko ni-reject ang idea. Noong sinabi ni Kris na i-switch natin, si guy ang Deaf at girl ang hearing. Noong sinabi 'yon, a part of me ayoko na gawin. Ayoko… gusto ko girl ang deaf hindi ang guy. Sino gaganap? Sino artista? Sinabi niya na… si Maine ang girl… Si Carlo ang guy… Tapos noong sinabi niya 'yon, lahat kami nagka-light bulb moment. Pwede!

JT: Pwede nga…

PC: Si Maine kaya ako okay sa kanya kasi naturally expressive siya na person. Noong time na 'yon sobrang dami na naming research sa Deaf. Sobrang natutuwa sila sa taong expressive kasi naiintindihan nila. Kapag malumanay, nahirapan silang intindihin. Alam ko… si Maine yung natural expressiveness niya gustong gusto ng Deaf yun.  Sympre si Carlo is Carlo Aquino. Kung meron makakagawa ng acting na hindi nakakapagsalita, siya yun.

JT: In fairness, napag-usapan namin ni DJ sa Twitter na…

DR: 'Yong career niya from Yaya Dub (off mic).

JT: 'Yong Yaya Dub na career niya. Kasi nagda-dub siya. Nakatulong 'yon dito sa film.

PC: Oo, sobra.

JT: Lalo na doon sa isang scene na i-act out niya 'yong teleserye.

DR: Sakto, Deaf quote and unquote 'yong character niya before as Yaya Dub tapos pagdating dito.

PK: Tapos siya naman ang hearing dito. (Off mic)

PC: Meron akong sobrang touching anecdote. Noong shoot naming, ‘yong nasa Barangay Hall. ‘Yong tinuturuan ang mga Deaf kids doon. Mostly ng mga kids na ‘yon ay Deaf talaga… halos lahat. Sinubukan ko gawin sa film na kapag may Deaf na character as much as I can totoong Deaf. Anyway… Sa Deaf party…

JC: Sa Deaf Party… (off mic) Deaf din mostly…

PC: Sa Deaf Party, lahat ‘yon…

PK: Deaf talaga sila?

PC: Deaf silang lahat. Anyway, sa nagtuturo si Carlo Aquino sa Barangay Hall. Parang volunteer work niya. ‘Yong mga kids ay Deaf. Noong lumabas si Maine, lahat sila tumakbo sa kanya. Hina-hug siya. Kilala nila siya. Walang subtitles ang TV natin di ba? Pag nanonood sila ng Eat Bulaga at It’s Showtime ‘yong mga Deaf wala silang naiintindihan. But here comes this character, si Yaya Dub, hindi siya nagsasalita. Uma-action action lang siya.

PK: Ang cute.

PC: ‘Yong mga Deaf nag-connect sila with her… Kay Maine… She’s like us parang ganoon. Kaya noong makita nila siya sa shoot, tumakbo talaga sila sa kanya. Sobrang tuwang tuwa sila sa kanya. Hina-hug siya. Feeling ko ‘yong concept na ito sumakto for her.

PK: Ang galing nga… Ako kasi pag napapanood ko siya sa ibang films niya sa GMA. Alam ko may potensyal siya. Pero dito talaga, wow si ate. Di ba minessage kita? (Pointing to Jen). Sabi ko bakit kayo ganito sa akin? May unang part na umiyak siya, umiyak na rin ako. Parang nakakainis sabi ko.

JT: Na-feel ko ‘yon.

PK: Na-feel ko kaagad. Lalo ‘yong masayang montage na part. Kitang kita mo ang loneliness niya, ‘yong disappointment niya. Ano pala ang ginawa nyo o may na-contribute ba kayo to pull or push that from her? O naturally na-execute niya…

PC: ‘Yong director naman could only do so much. Sa artista pa rin yan. Siya pa rin ang gagawa. Para sa akin, si Maine kasi honest talaga siya. Honest siyang actor. So, ang ibibigay niya sa’yong performance. Hindi niya i-arte. Kailangan niyang ma-feel talaga. Tapos, mag-show through ‘yon. Kung meron man siyang strength for me as an actress ay ‘yong sincerity niya talaga. Medyo matagal lang. Kailangan mong makapunta doon. Hindi siya pak! Iyak. Alam mo ‘yon. Mas na-appreciate ko. For me, willing ako get a sincere and honest performance than get a quick tear. Alam mo naman ang mga artista natin. Iyak? Saan mo gusto tutulo? Dito o dito? Gaano karami? Isang patak? Parang puppet? Almost robotic. Nagsasawa na ako. Ganoon ang mainstream acting natin eh. Sobrang refreshing for me na makakita ng isang Maine Mendoza na kapag umiyak papunta na ugly cry which I appreciate kasi ganoon naman tayo umiyak. Hindi naman ‘yong mga beauty cry na ganoon ganoon lang. Everyone is praising Maine. Si Carlo sobrang galing din. Siguro hindi na masyadong napag-usapan kasi expected na. Alam mo ‘yon. Expected na magaling ka. Magaling ka nga. Si Maine kasi no one expected na kaya niya. She always had it in her for me. Kailangan lang ng tamang project para lumabas iyon.

JC: Sobrang driven si Maine. I remember na may shinoot kang scene ‘yong tinatanggal niya ang mga architecture stuff niya. Tapos okay na… okay… next scene… pero she asked for another take she wants

to do better… She did. Sobra niya talagang dedicated sa film pati sa dance workshop sobrang ang sipag niya. She really gave her heart sa film.

JT: May comment ako doon sa montage scene noong nalaman niya na hindi siya pumasa (Mara). Kasi may specificity ang loneliness niya. Na mararanasan lang talaga ng mga taong…

PK: Na-disappoint.

JT: Yong mga taong bumagsak habang ang mga kasama nila ay pumasa.

Jim Paranal: Very relatable 'yon.

JT: Kasi mapupunta ka talaga sa sarili mong mundo… Yong mundo ng hindi pumasa saka mundo ng mga pumasa.

PK: Ang galing niya doon. (Off mic)

JT: kasi professionally, iba na ang antas nila sa'yo. Syempre naramdaman ko na rin 'yon kasi naranasan ko na rin 'yon. Naka-frustrate.

JP: Very relatable naman talaga 'yon kasi ako recently I took a major exam pero I failed. Although, failure naman doesn't define you. Once you saw it on screen, na na-execute ng maayos… makakarelate ka and at the same time, it's also a way to connect to audience.

JT: halo-halo… loneliness… shame

JP: May question po ako… Striking po kasi sa akin ang paggamit ng aquarium sa film kasi naalala ko na film na prominent ang aquarium sa eksena ay ang "The Graduate" starring Dustin Hoffman directed by Mike Nichols. Symbolism po ba ito ng isolation?  Or ano po ang intention nyo to use the aquarium in the film?

DR: Napick-up namin pareho yan ni John kasi from Manananggal 'yong turtle doon sa bowl sa terrarium… dito aquarium. Nagbibiro nga ako… sabi ko next film ni Prime Cruz may some sort of glass cage na naman… Actually may idea ako, may pitch ako… halaman naman ang nasa loob ng cage.

JC: 'Yong sa Manananggal medyo nagkataon lang. We wanted to give her a pet. Pet na medyo low maintenance para madali sa shoot. So, turtle. Tapos 'yong turtle lagay mo sa aquarium. It's kind of became a motif. For this one, aquarium pero fish. Meron tayong (pertaining to Prime) napanood na documentary parang "Deaf Kids". Napansin namin ang kumuha parang may aquarium sa classroom. May dalawang Deaf girls na nag-sign sa isa't isa. They're talking about the fish. Hindi namin maintindihan. Why? Pero may naramdaman kami while watching the documentary with aquarium and girls signing about the fish…

PC: 'Yong aquarium kasi maganda siya tingnan… Totoo! May aesthetic quality talaga kasi siya…

DR: May ilaw kasi siya.

PC: Oo. Tapos sympre gumagalaw ang tubig di ba? Pag ang ilaw at gumalaw ang tubig sa aquarium… may texture…

DR: Nag-wave din.

PC: For me kasi metaphor siya of being out of place. Pag nakita mo aquarium, bakit siya nandyan? Dapat nasa ilog ka o dagat ka. Parang may sariling world. Pag tinitingnan ni Gali, ang aquarium. Feeling ko ang mundo ni Gali para siyang nasa loob ng aquarium. Kaya pati ang sound design namin tried namin na ang tunog niya ay para kang nasa ilalim ng tubig.

PK: Oo nga…

PC: Water isa sa mga visual motifs namin sa film. Dalawa actually. Parang guiding motif naming ay tubig at ilaw. Si Gali ay ang tubig. 'Yong ilaw naman ay si Mara. Siya nagdadala ng ilaw kay Gali. May pa-Christmas lights. 'Yong tubig si Gali yon ang pinasok ni Mara. Para siyang pumunta sa aquarium. May shot doon na nag-underwater sila. "Sali na ako dyan Gali."

JT: Sali na ako sa mundo mo…

PC: Pumasok siya sa loob ng aquarium. Kaya kahit ang dance nila, naalala ko… hindi dumating ang projector. Gusto ko ng projector na may tubig. Walang projector. Hindi sila makahanap. Hindi ako nagpa-shoot. Hindi ko i-shoot 'to hangga't wala ang projector na may tubig. Kailangan nasa tubig sila.

PK: Sadya 'yon?

PC: Oo na water. Pag tiningnan ang floor sa dance, tubig siya. Pati ang light. Si Tey (Clamor, cinematographer) kasi nagda-dive. Mini-mimic niya kung paano ang light streak sa ilalim ng tubig. Since hindi namin sila pwede pa-sayawin underwater. Gusto namin na sumasayaw sila sa loob ng aquarium. Kaya box din, kaya ang stage parang box.

JC: Si Nestor Abrogena, 'yong Production Designer. Kaya ang damit ni Mara ay orange dress kasi para siyang fish ni Gali.

PC: Kaya ganoon ang tingin niya para siyang fish. Pati ang choreo, sinabi ako sa choreographer… gawin natin silang parang fish. Hindi ko alam kung lumabas. Para silang dalawang fish sa aquarium. Aquarium film talaga siya. Actually, 'yong ibang nag-preview. Ang sikip. Kaya may makikita kayong mga random establishing shots. Dinagdag naming kasi nasikipan ang studio bosses sa pelikula.

PK: Sadya 'yon…

PC: Design talaga siya parang aquarium. Contained, square. May mga top shots na parang tinitingnan mo sila… Parang tumitingin sa aquarium.

DR: 'Yong sinilip niya ang stage.

PC: Pati 'yon kaya may ganoon ang shots. Alam mo 'yong nagkahiwalay sila tapos may top shot.

JT: 'Yong may hiwalay na kwarto. (off mic)

PC: Oo, 'yong kwarto, kwarto.

DR: Pansin ko din sa dance scene hindi pinakita ang audience kahit pinapalakpakan sila. Sila pa rin ang focus. Parang nasa loob ng aquarium na reflection ang makikita mo. Dito hindi mo kita na out of the box ang stage nila.

JT: Napansin ko din sa top shot na 'yon na ang rug ni Gali ay buwan. Tapos ang ilaw ni Mara ay araw.

PC: Si Nestor (Abrogena, PD) ‘yon. Prod Design.

JT: ‘yon din ang gusto ko sa pelikula. Madaming visuals.

PK: Kaya pala si Nestor nag-pose ng Christmas lights. Ano kaya ito? Saka ang aso niya.

PC: Oo kasama ang aso niya.

JT: Saka hindi lang visually pati sound di ba? May mga scenes na you see through another perspective na muted.

PC: Sakto naman before ko napanood ‘yon. Napanood ko ang “Biyaya ng Lupa”. May deaf din doong character si Leroy Salvador. Ang galing kasi si Leroy may part din na nag-try siyang magsalita. Tapos, noong mapanood ko si Carlo. Ang galing galing niya. Dalawang tao lang ang nakita ko na kayang gawin ang deaf na effective. Kasama na siya (Carlo) doon. By the way, siya nga pala si Jim Paranal of jplorapa.blogspot.com

JT: Jimelikula, atbp.

PC: Hello, Jim.

JP: Kilala ako ni direk Prime. (off mic)

PK: Magka-kilala kayo?

JP: Siya nag-interview sa akin noong CinePanulat.

PC: Oo nga pala.

PK: Ah kaya… so, the rejection.

JT: The rejection is real. (off mic)

PK: ‘yong sinasabi niya na hindi siya nakapasa.

PC: Meron pang next.

PK: May sarili rin siyang montage. May montage din siya.

---

JP: Another question po. Kapansin-pansin po din ang poster ng Children of the Lesser God. Kasi si Marlee Matlin ang tanging Deaf actress na nanalo ng Oscar Best Actress. At the same time, siya rin ang youngest na nanalo ng Oscar Best Actress. Noong nilagay nyo po ba siya sa pelikula, was it to connect with the character of Carlo Aquino or in a way tribute din ba siya?

JC: Pinanood namin ang “Children of a Lesser God” while writing ‘yong film. Tapos napanood ko rin ang “The Tribe”. Naisip ni Prime to put the poster and to show Gali as a character identifies with the Deaf world. Kasi kung Deaf ka or hard of hearing, sometimes pwede kang mas mag-identify with the Deaf or hearing. As a character, si Gali identifies more with the Deaf. Kaya nandoon ang poster.

PC: Medyo technical. Sa Deaf community kasi, big letter “D” ‘yong mga Deaf na in-embrace nila ang pagiging Deaf as an identity. Sa “Children of a Lesser God”, si Marlee Matlin ‘yong character niya is a

Deaf woman na in-embrace niya. Hindi lahat ng Deaf ganoon. May mga deaf na hindi marunong mag-sign language. Meron. Tina-try nila maging hearing. Tina-try nila as much as they can na mag-lip read. May ganoon sa community. Para ipakita na sila Gali is Deaf with capital D., nilagay namin ang mga posters na 'yon. Ibig sabihin, nagustuhan niya 'yon… Nag-identify siya sa mga tao na 'yon. Masyado ng technical to discuss pa 'yon. Little touches lang. May nag-Facebook post na isang Deaf na napick-up niya 'yon. He identifies as Deaf. Nilagay ko 'yon para sa mga Deaf. Nagegets nila 'yon. Si Gali identifies himself as Deaf.

DR: Gusto kong i-point out or appreciate ang paggamit ng text on-screen ng pelikula. Una, kapag may text conversation sila. Ang minimalist niya. Wala 'yong usual na nandoon ang user interface ng phone. Tapos ang ganda kasi naka-superimpose siya doon sa labas ng units nila. Hindi mo kita ang mukha nila. Wala 'yong non-verbal aspects. 'Yong mismong pag-bounce ng ellipsis, meron siyang tension. Ma-experience mo ang perspective nila kapag nagte-text ka lang talaga.

PC: Actually, ang part na 'yon ay wala talaga 'yon sa script. Hindi ko siya talaga shinoot like that. Idea siya ng editor namin si BenTol (Benjamin Tolentino, editor)

JC: Si Ben Tolentino.

PC: Si BenTol kasi nahirapan siya mag-transition. Ang film kasi hindi cause and effect. Slice of life siya. Si Ben dahil mainstream 'to. Sabi niya feeling ko kailangan ng tawid. 'Yon ang naisip niya kaya ganoon ang nangyari. Doon sa texting design, ang inspiration namin doon ay sa…

JC: Sa Sherlock.

PC: Pag tiningnan mo ang Sherlock, sobrang simple lang. Sa House of Cards, pag may nag-text. Pansinin nyo sa House of Cards, sobrang simple lang walang interface. Matagal ko na iniisip kung paano mo ba ireplicate 'yong experience kapag nag-tetext ka.

DR: Totoo.

PC: Ang matatandaan mo lang ang mga words. 'Yong mga words lang. Kaya rin ginawa ang mga nag-dot dot na ganoon. Marami tayong na-experience na ganyan. May hinihintay tayo sa messenger. Bakit matagal naman nito? Seen.

DR: Tapos parang magkakasabay kayo. Mag-alangan kayo.

PC: Delete muna, hintay.

PK: Saka 'yong sa umpisa, ang kakapal pa ng reply. Tapos noong latter part, pa-iksi ng pa-iksi.

DR: Aside from that, 'yong mismong subtitles na perspective ni Mara hindi pa siya ganoon ka-galing mag-sign language. So, nag-blank. Nagalingan ako doon. Ako din di ko gets 'yon di ba? Lastly, 'yong actual subtitles sa baba kasi the first time na prinesent ang perspective ni Gali na kung paano niya in-experience ang music. Lumabas doon sa subtitles na perspective ni Gali. Nainis ako bakit in-spoonfed tayo. Tapos, na-realize ko para pag Deaf ka kapag pinanood mo ang pelikula.

JT: Kasi closed captioned. (Off mic)

PC: Oo. Closed captions siya.

DR: Closed captions rather than subtitles. Na-realize ko tuloy uso na ang subtitles di ba sa local films unlike before. Kulang pa rin sa closed caption level.

PC: Isang problema dyan kunwari ang shot sa akin lang tapos bumukas ang pinto. Importante ang pagbukas ng pinto. Kailangan nakalagay doon <Door opens> kasi part 'yon ng story.

DR: Na-curious ako tuloy doon sa nakita ninyo na group of Deaf people na manonood ng movie. Part ba ng consideration nila alin kaya dito ang maganda ang subtitles?

PC: Malamang.

JC: Nalaman namin na mahilig sila manood ng horror movies.

PC: Netflix. Oo.

JC: Kasi horror is very action-packed. Masusundan mo siya minsan kahit little ang dialogue. Masusundan mo siya eh. Mahilig sila sa Netflix kasi there's closed captioning.

PC: Complete talaga.

JC: For teleserye, it's difficult kasi walang subtitle… walang closed captioned.

PC: Sa teleserye kasi batuhan ng linya. Hindi katulad ng horror na simple lang. Person A needs to escape, ghost is there. Madali siyang sundan. Doon lang ako sad na na-bring up na. Di ba tayo as a Filipino ang identity natin aminin man natin o hindi. Malaki ang ginagawa ng TV. Kaya ang Filipino dito sa Manila at Filipino sa Mindanao kaya sila Filipino both kasi parehas silang nanonood ng Showtime. Pwede nilang pag-usapan ang mga bagay na 'yan.

JT: Communal siya (Off mic)

PC: 'Yon ang function ng TV sa atin. Tapos ang mga Deaf, wala sila niyan. Denied sila sa ganoon. Parang ang simple pakinggan na wala silang subtitles. Imagine nyo panoorin nyo ang Showtime tapos di sila maka-relate. Ano ang sinasabi ni Anne? Bakit sila natatawa? Kahit 'yong ganoon ka-simpleng bagay. For me, kahit comedy ang eksena na "Batas ng Api."

JC: Amor Powers (off mic).

PC: Request lang na sana mag subs tayo. Sana mag-subtitles tayo sa TV natin.

JP: Actually, working naman siya. Kasi ako I work sa GMA. Ako nag-subtitler at captioning. May ginagamit kaming ibang machine. Nalipat kasi ako sa ibang department. Unti-unti kasi hindi pa siya kayang gawin ng full-blown pero naasa batas na siya.

PC: Pero nandoon na siya…

JP: Nasa batas na siya na kailangan talaga all shows may captions at subtitles. Mahal lang talaga. It's expensive. Kaya ganoon. I'm not sure with ABS pero I believe ginagawa na din nila kasi sa mga IWant nila meron na rin atang closed captioning. Mamaya magka-captioning ako (laughs) after this… Papasok pa ako. (laughs

PC: Good job.

DR: I-transcribe din natin ang podcast na ‘to.

JP: Ay grabe (laughs).

DR: Si Prime sobrang expressive hindi nakikita ng listener natin. (Laughs).

PK: Right now, we’re isolated in a very crowded place. Ganoon.

JP: Meron kasi akong paboritong eksena sa Isa Pa With Feelings. ‘Yong dalawang party.

PC: Dalawang?

JC: Dalawang party.

JP: Kasi contrasting siya kaya maganda. Doon sa part ng Deaf na nag-party sila. Hindi ba kayo nahirapan to instruct them? Meron bang interpreter while on the shoot?

PC: Ang style doon. Actually, ang hirap ng cut. Sympre, cut! Hindi nila maririnig ang cut.

JP: Oo.

PC: Meron kaming signal. Sa likod ng Assistant Director, may Deaf interpreter na meron siyang panyo.

So pag-cut meron siyang sign na cut. Ganoon.

PK and JP: Aahhh…

PC: Tapos cut na sila. Pero sympre hindi nila nakikita agad na cut kaya tuloy lang sila. Okay lang din naman. Kailangan mong lapitan… cut na.

All: <Laughs>.

PC: Pero surprisingly, mas madali kong na-shoot ang Deaf party kesa sa bar. Alam naman ‘to lahat ng mga directors na ‘yong mga extra minsan ang hirap nila pa-partyhin.

JP: True.

PC: Guys, party…

JP: True ‘yan.

PC: Masaya! Ganoon… Ang hirap…

JC: Pag walang music, ang hirap di ba?

PC: Ate! Boyfriend mo siya ate ha!

All: <Laughs>

PC: Minsan ang hirap talaga. Sa Deaf party, hindi ko alam kung dahil excited sila.

JC: I think it helps na magkaka-kilala sila.

PC: Ayun din.

JC: Sanay sila sa small Deaf community.

PC: Naturally, ang mga Deaf ay natural actors sila. Kasi kung paano sila mag-communicate, kunwari grabe napagod ako. Kailangan nila i-act out. Sabihin nila grabe ang traffic. Ang traffic… Ang bilis nila umarte kasi they act everyday. Pag ganoon, ang bilis ko sabihin na kunwari dito excited kayong makita si Carlo ganyan. Be-beso ka sa kanya. Excited ka… ganoon. Na-gets niya ba? Baka mali. Tapos, action. Kuha niya. One take! Ganoon. It's surprising na ang ating mga Deaf brothers and sisters pag binigay mo sila ng chance, kapag binigyan mo sila ng opportunity.

JP: Yes.

PC: Pag tinanggal mo ang barrier na ganoon, kunwari utopia, lahat tayo marunong mag-sign. Feeling ko sobrang dali for them.

PK: Ang ganda ng interpretation ng pelikula sa empathy. Hindi siya usual na rom-com… May nag-comment sa tweet ko na indie siya tapos mainstream. Sabi ko actually, hindi naman siya maindie kasi hindi naman ma-indie si Black Sheep. Nabalitaan nyo ba ang feedback about the film na hindi siya patok? What do you feel about this one versus doon sa ibang nailabas nyong pelikula? How do you feel with those early-on criticism na kailangan bumenta siya?

PC: Ako siguro weirdly enough noong nag-start ako sa project. Inisip ko talaga ito na ang pinaka-mainstream ko na pelikulang ginawa. Talagang nag-effort ako na gawin siyang accessible na. Nag-effort ako na sweet siya… romantic siya na may mga flaw… Madami akong gustong i-tackle… hirap maghanap ng job. Stylize talaga ang film. Sa totoo lang. Mas naka-design siya for me to be palatable to a larger audience.

PK: Oo.

PC: Noong ma-receive ko ang mga comments na ganoon na indie…. Sabi ko Talaga? Indie ba 'yon?

PK: 'Yon nga…

PC: Mabait ni Mara. Santa siya. Indie pa rin, di ba? Siguro ako nasa point ako sa totoo lang 'yon na ang max ko without selling out. More than that…

PK: super duper…

PC: Ako kung gusto niyan, eh di gusto nyo. Pag hindi… Basta sabi ko sa sarili ko I went out of my comfort zone talaga to make this as palatable to more people as much as possible. For me, it's mainstream siya. Ewan ko. Sobrang mainstream talaga niya.

PK: Mainstream nga…

PC: Boy meets girl… meet cute.

DR: Even more than "Can We Still Be Friends" and "The Debutantes"?

PC: Oo sa akin. Kasi ang Can We Still Be Friends doon ko siya sa settling. Tungkol siya sa pagiging masaya.

JC: Un-romantic.

PC: Ito romantic niya… may ex pa! Ano pa ba guys?

PK: May back story pa ang mga ex nila

PC: May meet cute.  May ex. Hindi pa rin mainstream.

DR: May bestfriend. May nanay.

PC: May supportive family…  Anak, ikaw ang tutupad ng pangarap ko. Come on guys.

DR: Tapos sa darkest hour niya, uuwi siya.

PC: Oo. Tapos yayakap sa nanay. Nilagay ko talaga lahat. Hindi ko gets kung bakit hindi pa rin siya mainstream?

JC: Noong ginagawa namin ito, we're always conscious na gusto namin siya mapanood ng marami kasi it's a mainstream film. Also, to spread awareness. While writing it, ang hirap if you're always thinking kung magugustuhan ba ito ng mga tao? Will this person or that person like it? I don't really know. Lalo ngayon na mabilis ang trend. Sometimes, trendy now. A few months later, hindi na trendy. Noong ginagawa namin ito, parang nasisira na ang ulo namin. Magustuhan kaya ito ng mga tao? We just decided. Gawa tayo ng something na magugustuhan natin na we ourselves want to watch. Kung anuman ang kwento, yes, it is risky but we have to see it through kung ito ang kwento. We have to commit to it. I'm happy. I'm proud with our film. I felt like we were able to tell our story that we wanted to tell. I hope mas maraming tao will give it a chance. I felt like maraming tao na "mas magandang manood ng Hollywood films. It's definitely superior than Filipino films." I understand before mas Hollywood films ang pinapanood ko. But, if you will give Filipino films a chance, you'll see na there not automatically bad. Meron ding good films if you will give it a try.

PK: Tama!

DR: Natawa lang ako doon sa sinabi mo na santa ang character ni Mara. Very light ang film compared to similar themes na isolation… brokenness… Pero this time medyo clean slate sila. Si Mara ang pinakamabigat na problema niya ang hindi siya nakapasa sa exam. Medyo life changing pa rin in a way. Iyon na iyon. Unlike 'yung may tinatago kang manananggal (pertaining to Manananggal sa Unit 23-B) ka pala. Ang laki ng difference. Very light and refreshing.

PC: Kabit ka pala! (Pertaining to indie film "Sleepless").

PK: 'Yun nga. Kabit ka pala! (Pertaining to indie film "Sleepless").

PC: Bumagsak siya. Mabait naman siya. Hindi ko dinidismiss ang sarili kong pelikula. Sobrang love ko ang film. May mababait naman talagang tao at simpleng tao naman talaga. It just so happened na si Mara na ganoon siya. Mas mabait siya talaga.

JC: Noong ginagawa natin, we were wondering, would she have given Gali attention kung hindi siya bumagsak? Would she have paid him any interest kung hindi siya bumagsak? I think it is a question we na left open ended. It is possible paano kung hindi siya bumagsak? Maybe she won't even notice him. It is possible. I think as a character kaya we put it in confrontation. Gusto mo lang ako kasi bumagsak ka. Kahit kami pinag-isipan din namin. Kung hindi siya bumagsak, would she have been interested? Maybe.

PC: Nope! Ako nope. Kung hindi siya bumagsak, hindi mangyayari ang kwento. Hindi niya bibigyan ng time of day

JC: Feeling ko she wouldn't.

PC: Si Jen feeling niya.

PK: Ako noong tinanong niya in sign language. Siguro kasi bumagsak ka. Ako talaga nag-aabang ng sagot. Hindi ko na spoil ang part.

DR: Tapos, may super cheesy na line.

PC: Mahal niya talaga. Siguro ang thesis ng film… May ganoon pang love in this world.

DR: Pure.

PC: Ako happy rin ako to take that stand. Lalo sa nangyayari sa mundo natin. Okay ako minsan na may kabaitan pa talaga. 'Yun ang kailangan natin.

JC: I-keep.

PC: Nakaka-sad lang na siguro ang ibang tao hindi nila bibigyan ng chance kasi malayo sa kanila, quote and unquote hindi relatable. Kaya siguro naging big challenge din sa Black Sheep when they took the project on. Triny nila maglagay ng elements na familiar. Like "Buwan"… familiar song. Ang hirap kasi pakapitin ng tao na sa isang character na hindi mo katulad. Ang gusto mo panoorin kunwari sa isang film… "yan katulad ko yan naghahanap ng boyfriend… gusting gusto niya magka-boyfriend. Parang ako 'yan… Parang kaibigan ko 'yan…" 'Yung isang character na 'to mahirap siya kumunnect sa world niya kasi hindi siya nakakarinig. Sa iba, hindi nila bibigyan ng time of day ang ganoong character. Hindi ako 'yan. Wala naman ako kakilalang ganyan. Siguro kahit hindi super duper blockbuster ang film. Happy ako to take the stand na invitation siya sa tao na mag-empathize tayo sa taong hindi natin katulad. Kailangan natin 'yun. Kailangan natin siyang gawin. Hindi lang 'yung relate ako dyan. Kampi ako sa'yo. Minsan may mga tao na kahit iba sila sa atin kailangan natin silang intindihin. Pag inintindi mo sila, pag tiningnan mo sila mabuti, pag pinakinggan mo sila… mare-realize mo katulad din natin sila. Promise, sa mga hindi pa nakapanood. Pag pinanood nila, makikita mo si Gali, katulad natin siya. Nag-sign lang.

PK: Correct!

DR: Yun nga dapat ang point ng pelikula di ba? na ma-expand ang world view mo. Kaya ang laki talaga ng inis ko sa relatable school of criticism. Doon ka lang sa comfort zone mo. Kung ano lang ang mag-validate sa'yo.

JC: Like kami ni Prime, kung nanonood kami ng film na interested kami kung different from us. If it's from culture na hindi familiar. I guess it comes back to nung ginagawa namin 'to, we wanted to make a film that we would want to watch. We don't mind if it's different from us.

PC: Sa akin, 'Yung invitation sa tao para pumasok sa mundo ng isa pang tao. For me, hindi siya advocacy. Sa akin kasi, ang interesting niya. Kung panonoorin lang natin ang mga kwento natin, gawa tayo ng vlog. Cinema for me, for an hour or so… Blocked ka sa seat mo. Madilim. Narinig mo lang. It's an invitation to go to another world. Time natin yan para bumisita tayo ng ibang mundo. Since, hindi naman tayo pwedeng gumawa ng Hollywood fantasy films. Ang pwede natin gawin pasok tayo sa perspective ng isa pang tao. Di ba ang interesting noon. Kahit hindi ka mabait, hindi mo ba gusto maging another person na isang hindi nakakarinig for a few seconds, di ba ang astig 'yun? For me, 'yun ang ino-offer ko na experience, na hindi dahil advocacy 'yun. Try mo… astig yan. Tingnan mo lang. Pasok ka ng aquarium. Baka astig din. Cinema should always transport you into another place… should put you to another

person’s head. Hindi parang nanonood ka lang ng play na covered. Nakakatawa mga taong yan. Parang kaibigan ko. Tapos covered. Corny guys.

JC: Which is not to say naman na films na relatable are bad. Gusto ko manood ng films na relatable. I just feel na kahit hindi siya mukhang relatable at first if you give it a try you might realize na it is relatable.

DR: Yeah. Kailangan ‘yung may effort. Ganoon.

JT: Tama. (Off mic)

PK: Last question. If you guys weren’t in your careers, what would you be?

PC: Kailangan ba outside of films?

PK: Oo, outside of films.

JC: Ako, maybe something na nasa performing arts. Dancing, singing, acting. Something like that. I guess creative pursuit din siya which is similar sa writing.

PK: Similar pa rin. (Off mic)

PC: Ako siguro baka tinuloy ko ang pangarap sa akin ng tatay ko na maging lawyer.

DR: Lawyer.

JT: Ito sobrang sabaw na tanong. Actually, tinanong ko ‘to sa letterboxd. ‘Yun bang apartment ni Mara. ‘Yun din ba ang apartment sa Can We Still Be Friends? Kasi magkakulay yung wallpaper.

PC: May mga same items. Baka same universe.

JT: Pwede no? Parang Prime Cruz Cinematic Universe. PCU ganoon.

PC: Condo universe.

JT: Slight spoilers. Could you talk about how you conceptualize and how you shot yung dalawang “Buwan” sequences? ‘Yung last na dance tapos ‘yung penultimate dance na… with the Christmas lights. Which is I think one of our favorite scenes of the film.

PK: With Christmas lights. (Off mic)

PC: Ano yun yung sina-sign ni Mara?

JT: Dalawa yun.

PC: Yung dalawang “Buwan”?

JT: Dalawa siya yung isa yung sina-sign ni Mara

PC: Oo.

JT: Tapos yung huli sumayaw silang dalawa for real.

PC: Yung Christmas lights naka-sequence siya. Si Nestor yung PD namin. Kumuha siya ng isang guy na mag-sequence sa Christmas lights. Nagagawa yun para sumabay sa music. Naka-sequence yun. Ginawa yun ni Mara para mas ma-feel ni Gali yung song kasi hindi niya nga naririnig. Nung shinoot naming yun,

kumuha kami ng point of view ni Gali… saka point of view ni Mara… saka general point of view. Ganoon namin covered. Medyo madugo kasi ang film plays on perspective. Kaya pag cover ng isang eksena, lagi kaming may general coverage… yung tipikal. Meron kaming perspective on how Gali sees it and how Mara sees it. Ganoon sa Christmas lights. Majority ng shots kinuha namin sa perspective ni Gali. Kung paano niya nae-experience… o kung paano niya nakita… Kaya POV niya si Mara nung namatay ng medyo matagal ang sound. Yung sa sayaw mismo, isang buong araw namin kinunan yun kasi sympre mahirap ang dance moves. Wala palang double yun sa mga nagtataka. Sila talaga yun all through out. May mga malalayo na shots pero sila pa rin yun talaga.

PK: Okay. Itatanong ko sana yun.

PC: Walang double.

PC: Si Carlo ba may double?

PC: Meron. Isang move lang.

PK: Nahuli ko yun. Sabi ko hindi si Carlo yun.

PC: Anong move yun?

PK: Yung binuhat niya.

PC: Anong buhat?

PK: Yung binuhat niya pagilid. Pagilid yun di ba?

PC: Yung binuhat pa-taas? Si Carlo pa din yun.

PK: Siya pa din yun.

PC: Ang hindi siya. Yung initsa niya.

PK: Ah, yung initsa…

PC: Oo. Pero si Maine yung initsa. si Maine yun.

PK: Si Maine yung initsa?

PC: Si Maine yung initsa.

PK: Oh my god.

JT: Buwis buhay.

PC: Initsa paikot.

PK: Trained ng Eat Bulaga si Maine.

PC: Ang hirap noon. Isang buong araw namin kinunan. Sayaw lang kasi matagal i-set up ang ilaw ilaw na yun. Matagal siya gawin. Paulit-ulit nila ginawa ang dance.

JP: Pero meron pong choreographer?

PC: Meron.

JP: Meron?

PC: Si Cris. Nakalimutan ko ang apelyido ni Cris pero si Cris and Joy. Sikat sila na choreographer.

PK: Si Joy ang dance instructor na babae na pang-ballroom? Tama ba? Siya ba yun?

JC: Si Ms. Geleen Eugenio.

PC: Hindi siya nag-choreo. Dance teacher siya sa movie.

JP: Ah okay.

DR: I think it's a testament to your team's work na palaging memorable ang locations to audience. In relations sa sabaw na tanong ni John, yung apartment. Ako din nag-obsess sa locations. From Sleepless pa lang, yung PM apartments. Hinanap ko yun. Ganoon.  Sa review ko ng Sleepless, may random person na nag-question saan ang rooftop na yun? Tapos, na-challenge ako hinanap ko siya Google maps. Sa Malayan Plaza. Malayan Plaza di ba?

JC: Sa Ortigas yun.

JP: Ortigas.

PC: Malayan Plaza. Dito nahalata niyo ba yung mga room nila na 'yun ay set?

PK: Set 'yun.

PC: Set yung buong yun.

DR: Hindi mo naman pwede gawin ang top shot na 'yun. Bubutasin mo yung taas.

PC: Kita nyo yung bintana, chroma 'yun.

DR: Oo.

JP: Wow.

PK: Nag-prod kasi ang jowa ko. Sabi niya ano yan. Parang ang pintuan, half day nyo shinoot.

Pong (Jowa ni Princess): Yung tumalon sa balcony, totoo yun di ba?

PK: Totoo yung tumalon sa balcony?

PC: Oo. May halo siya. Yung tumalon sa balcony, may double yun. Yung umakyat… Yung actual lit may double… Pero yung gumanoon, si Carlo yun.

PK: Aahhh!

PC: Mababa lang yun. Pero chrinoma namin ng backlight para mag-mukha siyang mataas.

PK: Aaahhh!

PC: Ang pinakamahirap i-shoot yung mga condo. Kasi yung hallway, nagshoot talaga kami sa totoong hallway. Mahirap dayain. Pero pag papasok siya sa room, set yun.

PK: Oo.

PC: Ibang araw namin siya kinukunan. Sobrang grabe sa continuity.

JC: Yung balcony, totoo.

JP: Mahirap dayain (off mic).

PC: Iba yung balcony. Iba yung hallway. Iba yung sa loob ng bahay. Kapag may eksena na galing sila sa labas, pumunta sa bahay tapos pumunta sa balcony, tatlong different locations yun namin kinukunan.

PK: Ang galing.

PC: Para lang makuha namin ang set. Gusto ko kasi makuha ang aquarium look. Hindi ko yun magagawa sa totoong condo. Yung spacing namin na yun, sa set lang yun pwede.

DR: Good job. Last question ko na dapat. Yung isang naisip ko na quote and unquote “pagkukulang ng movie” right after watching it madami siyang dropped na subplots. Nakita ko rin ito sa ibang reviews. Later on, na-justify ko siya. Naisip ko na essential siya doon sa sinasabi ng pelikula. From your perspective, especially sa’yo Jen. Na-track mo naman yun di ba? Paano ka nag-decide na hindi na ulit nakita si Nice halimbawa na siya naman ang trigger ng events. Hindi na na-resolve ang pagiging jobless ni Mara.

JP: Yung scholarship ni Gali. (off mic)

DR: Yung scholarship ni Gali parang lahat yun ay hanging.

JC: Na-shoot ang mga scenes na yun. They are in the script. Pero nung inupuan yun sa editing with the creatives din. We had to take note of time na hindi pwedeng sobrang tagal ng film na ito lalo na since there’s a lot of reading na gagawin ng audience. We had to take note the energy of the film na dapat tumataas siya… pataas siya ng pataas. Hindi siya pwedeng lumaylay. We had to make some tough choices rin talaga. Keeping the audience in mind. Putting the relationships of these characters to the forefront. Pinag-usapan namin ni Prime. Is this a character story? Is this a relationship story? Usually ang ginagawa namin ay character story. In this case, sa project na ito, we went with the relationship story. It’s really about a hearing person and a Deaf person connecting. For me, I can accept kahit hindi siya na-resolve. In real life, hindi naman talaga lahat nareresolve. Somethings are left unresolved. For me, it’s really about them rather than one character and one character.

JT: Actually, yun yung nagustuhan ko na it ended with a bit of uncertainty.

PC: Interesting yan.

JT: As long as they’re together, yun naman ang point niya. Para sa akin, ewan ko sa iba dyan. (laughs) Oops, I didn’t hear you there. Joke lang.

PC: Para sa mga curious, na-shoot ang mga eksena na yun. Ito yung mga na-shoot na eksena.

DR: Pag mainstream nga di ba, kailangan makumpleto mo yun?

PC: Oo.

DR: Dapat ma-close mo yun.

PC: Ito yung mga eksena. Lahat na-shoot at na-edit pero tinanggal sa final edit. Si Gali makukuha niya ang scholarship. Before nagkagulo sila ni Mara. Si Gali makukuha niya ang scholarship. Tapos kakausapin niya ang friend niyang Deaf yung nagwa-warn sa kanya. Hindi na siya sure kung gusto niya pa pumunta sa scholarship o gusto niya mag-stay kay Mara. Ang mangyayari… tapos mag-aaway sila. Di ba si Gali kinuha niya ang box? Naalala niyo nung tinapon ni Mara ang box sa may basurahan.

JT: Tinago nya yun?

PC: Tinago niya. Tinago niya ang box. Tapos sa ice cream store sinauli niya yun kay Mara. By this time, si Mara alam na niya na si Gali ay nakapasok sa scholarship. Balak ng hindi pumunta. After, sasabihin niya kay Gali na, "Pumunta ka sa scholarship. Wag mo yan itapon for me. Nandito lang ako for you. Pero wag mo i-throw ang scholarship away for me." Tapos, sasayaw sila. After nilang sumayaw, na-shoot ko din na si Mara papasa na siya. Na-shoot ko lahat yun. Actually, sinagot ko yun sa letterboxd. May mag-take ng archi na isang gumawa ng review tapos magtake siya ng board. Tapos, sobrang kinakabahan siya.

ALL: Laughs.

JT: Na-influence.

PC: Sabi niya si Mara hindi yata pumasa. Sana pumasa ako. Sabi ko sa kanya, "Pumasa si Mara. Hindi lang pinakita sa film. Papasa ka din." Natakot siya.

JC: Meron pa nga scene na shinoot na nag-uusap sila long distance.

PC: Meron pang ganoon.

JC: Long call sila. Nagkumustahan.

PC: I agree na wala na yun.

JC: Ang haba na to put all.

PC: Ang haba niya.

JC: So, we really had to make tough decisions and cut things out.

PC: Dahil nga mainstream release, yun ang nag-guide sa amin. Ang susundan mo hindi yung character arc kundi yung emotional heights and low.

DR: Oo.

PK: Yung kabig nung story.

PC: Yung emosyon mo. Majority ng tao they watch with their heart talaga. Hindi anong nangyari kay ganyan. Paano yung character niya. Ako okay lang naman. I don't feel na it took away from the film. It's a different film pero okay naman sa akin.

PK: Tapos natuloy tapos si Robert D. Weide ang nag-direk. Tapos siningit.

JT: Joke lang.

PK: What? Ano to?

DR: Pero I agree with that naman na it worked for me na intended doon sa ganoong emotional height.

PC: Oo.

DR: Satisfying naman siya for me. Yung justification ko doon sa mga na-cut off na subplots. It goes back doon sa kung ano ang thesis ng film for me which is all about that aquarium. Si Mara pinili na niya ang mundo na ito to the exclusion of everything else. Parang “ito na yun tayo then nothing else matters.” Cheesy no?

JT: (Laughs)

DR: It works eh.

PK: Ang galing. May ibang films na selfish tingnan. Sa kanya, hindi siya nagmukhang selfish.

JT: Mapagbigay sa pag-ibig.

PK: Mapagbigay siya. Selfless without being ultimately cheesy. Classy pa ang ending

JT: Sana ma-release ang deleted scenes. Charot.

JP: Yes.

PC: Oo nga eh. Sana mapakita natin na pumasa siya kasi pumasa naman talaga si Mara. May shot doon na kasama niya ang family niya tapos nakaabang sa laptop. Tapos, tingnan nila na nakapasa siya tapos yehey! May ganoong eksena.

JT: Kahit montage na lang okay na yun para sa mga fans ni Maine dyan.

PC: Maganda ang suggestion ni Tey. Nag-flashback nung sumasayaw sila. Sana flashback noon sana flash forward.

JT: Maganda nga yun.

PK: Ahh…

PC: Pumasa na siya. Pumasa si Mara sa universe nila.

JT: Ayan Mainers ha… You heard it here. Pumasa si Mara.

Last running time to transcribe: 1:11:24